

ARAW NG PAMPUBLIKONG KOMENTO PARA SA TAUNANG BADYET

Komite sa Badyet at Mga Paglalaan ng Pondo (Appropriations)

Biyernes, Hunyo 24, 2022 @10:00 a.m.

Legislative Chamber, Room 250

(Ibibigay ang Remote Access sa pamamagitan ng Teleconference)

Ang Tagapangulo ng Budget at Appropriations Committee ay nagtakda ng Araw para sa Pampublikong Komento para sa Taunang Badyet sa Biyernes, Hunyo 24, 2022, sa ganap na 10:00 a.m. Ito ang pagkakataon ng lahat na magbigay ng kanilang pahayag (testimonya) sa Iminumungkahing pagbabahagi sa Annual Salary Ordinance para sa Mga Fiscal Year na magtatapos sa Hunyo 30, 2023, at Hunyo 30, 2024 (File Nos. 220669 at 220670). Mangyaring tunghayan ang webpage ng Impormasyon sa Badyet sa www.sfbos.org/budgetinformation para sa pinakabagong impormasyon sa proseso ng Taunang Badyet. Ang Pampublikong Komento tungkol sa badyet ng Lungsod ay maaari ding ibigay anumang oras sa pamamagitan ng pag-click sa [Magbigay ng Komento sa Badyet \(brent.jalipa@sfgov.org\)](mailto:brent.jalipa@sfgov.org) ito ang Webpage ng Impormasyon sa Badyet.

Panahon na Inilaan para sa Bawat Magsasalita: Isang (1) Minuto

Unahin ang Pampublikong Komento ng mga personal na dumalo. Ang mga tumawag ng remote ay isusunod matapos na makapagsalita ang lahat ng mga personal na dumalo.

Ang mga serbisyo ng interpretasyon ay nakalaan para sa wikang Chinese, Spanish, at Filipino hanggang 7:00 p.m.

Pampublikong komento/Mga Personal na dumalo

Dapat pumila ang mga nagnanais na magbigay ng Pampublikong Komento sa loob ng mga lugar na itinakda (stanchions) na ipapaskil sa labas ng Legislative Chamber, Room 250, na bumabagtas ang kahabaan ng mga pasilyo sa buong 2nd Floor. Pahihintulutan ng Sheriffs/staff ang grupo grupo na binubuo ng 10-20 katao na magsasalita sa bawat pagkakataon. Kapag papasok sa Kamara mula sa linya ng pasilyo, mangyaring magpatuloy sa linya sa loob ng Kamara na ibinukod sa gilid ng silid. May kawani na nakahandang gabayan ang linya at sagutin ang anumang mga katanungan.

Ang mga pinto sa Pambatasang Kamara ay maaaring buksan nang hindi mas maaga sa 15 minuto bago magsimula ang pulong; **gayunpaman, ang mga upuan sa Kamara ay para sa pagmamaisid lamang at sa mga may espesyal na pangangailangan.** Maaaring wala nang maupuan sa loob ng Kamara at pansamantalang putulin ang pila para sa mag magsasalita. Kung nais mong magsalita, dapat kang pumila sa linya sa pasilyo at hintayin ang mga Sheriff na bigyan ka pahintulot na sumama sa linya sa loob ng Kamara. Ang mga bakanteng upuan ay ibibigay sa kung sino ang naunang dumating (first come, first served). **May mga nakalaang lugar para sa Observation at overflow seating** sa Committee Room 263 (2nd Floor) at sa South Light Court (1st Floor) na magagamit upang makaupo at mapakinggan ang pagpupulong.

Pinapayo ang pag gamit ng maskara, ngunit hindi to mahigpit na pangangailangan. Kasalukuyan, hindi mahigpit na pangangailangan ang social distancing.

Bibigyan prioridad ang mga dumalo ng personal na may mga espesyal na pangagailangan (**special accommodations**), tulad ng may mga kapansanan, mga matatanda, o duon sa may may mga kasamang bata na nasa murang eded (mas bata sa 5 taong gulang). Ang sino mang may espesyal na pangangailangan ay hinihikayat na dumating sa pagitan ng 9:45 a.m. at 12:00 ng tanghali. May hiwalay na linya na gagawin sa labas ng kamara para sa kanila.

Ang mga video/Dokumento na ipapakita sa oras ng pagkomento ng isang indibidwal ay dapat isumite 48 oras bago ang pagpupulong o mas maaga (hindi lalampas sa Miyerkules, Hunyo 22, 2022), upang masuri at masubukan kung gagana ito. Ang A/V system sa Kamara ay hindi gumagana sa hybrid system; anumang mga dokumentong dinala sa araw na yun ay hindi maipapakita. I-email ang Mga Video/Dokumento sa: bos.legislation@sfgov.org kasama ang pangalan ng indibidwal na nag nanais na ipalabas ito kapag sila na ang magsasalita. Ang mga video ay hindi dapat lumagpas ng isang (1) minuto at ipapalabas ito bilang kapalit ng mga komentong verbal ng Mga Remote Caller. Ang mga indibidwal ay dapat manatiling nakatayo sa linya upang magsalita at hindi magtipon tipon sa isang grupo sa podium; paisa-isang tao lang ang pinapayagan sa podium sa bawat panahon na may magsasalita, maliban na lang kung sa panahon ng interpretasyon o kung ang isang indibidwal ay nagsasalita sa ngalan ng isang buong grupo (tingnan sa ibaba para sa dagdag kaalaman kung papaano gagawin ang Group Presentations).

Ang mga panuntunan ng board ay nagbabawal sa pag-rereserba ng mga upuan o nakatayo nang walang ginagawa (hindi nakapila) sa loob ng Kamara.

Pampublikong Komento ng Grupo (Personal na pagdalo):

- Maaaring magsalita ang isang indibidwal na dadalo sa ngalan ng isang buong grupo
- Ang mga grupo ay kinakailangang manatiling magkakasama sa linya, at;
- Kapag natapos na ang inilaang oras ng pagsasalita, ang buong grupo ay kinakailangang lumabas ng Kamara.

Matapos makapagbigay ng pampublikong komento, ang mga dumalo ng personal ay kinakailangang lumabas ng kamara. Sila ay malugod na inaanyayahang tumuloy sa mga silid na inilaan para sila ay makaupo at patuloy na masundan ang paglilitis.

Pag akses ng Remote (Remote Access)/Pamublikong Komento (sa pamamagitan ng Telepono)
(tingnan ang [Remote Meeting Call-In](https://sfbos.org/remote-meeting-call) webpage ~ <https://sfbos.org/remote-meeting-call>)

Ang linya ng telepono ng Pamublikong Komento ay bubuksan kapag ang pulong ay nagsimula. Bibigyan daan muna ang mga dumalo ng personal para magkomento, Gawa nito, ang mga Remote Public Commenter ay maaaring maghintay ng mahaba-habang panahon bago sila makapagsalita sa remote system.

Paki tunguhan ang Agenda ng Budget at Appropriations Committee para sa numero ng telepono at Meeting ID o bisitahin ang [Remote Meeting Call-In](https://sfbos.org/remote-meeting-call) webpage. Kapag nakapasok ka na sa remote system, kakailanganin mong pindutin ang *3 para makasali sa hanay ng mga magsasalita. Ang prompt ng system ay magsasaad na "itinaas mo ang iyong kamay," mangyaring hintayin ang system na magpahiwatig na maaari nang magsalita o madinig ang "you have been unmuted". Maari nang simulan ang iyong mga komento.

Ang malayuang (remote) na pag-access ay ibibigay para sa Pamublikong Komento at ang bawat tumatawag ay bibigyan ng tig isang (1) minuto para magsalita, katulad ng mga dadalo ng personal. Ang pamublikong komento ng isang grupo ay hindi mabibigyan daan sa pamamagitan ng remote system (pakitingnan ang Group Public Comment (In-Person) sa itaas para sa karagdagang impormasyon patungkol mga grupo).

Ang mga Video/Dokumento na ipapakita sa oras ng pagkomento ng isang indibidwal ay dapat isumite 48 oras bago ang pagpupulong o mas maaga (hindi lalampas sa Miyerkules, Hunyo 22, 2022), upang masuri at masubukan kung gagana ito. I-email ang Mga Video/Dokumento sa: bos.legislation@sfgov.org, kasama ang pangalan ng indibidwal na nag nanais na ipakita ito kapag sila na ang magsasalita. Kapag na-unmute na ang linya ninyo, sabihin agad na may video/dokumento kayong nais na ipalabas at ibigay ang inyong pangalan. Ang mga videong ito at hindi dapat lumagpas ng isang (1) minuto at ipapalabas bilang kapalit ng mga komentong verbal ng Mga Remote Caller.

Kapag natapos na ang inyong komento, maaari nang ibaba ang telepono o kaya naman ay pindutin ang *3 para bumalik sa pagiging taga pakinig lamang.

Mga Serbisyo sa Interpretasyon

Ang mga serbisyo ng interpretasyon ay nakalaan para sa wikang Chinese, Spanish, at Filipino hanggang 7:00 p.m.

Ang mga hindi nagsasalita ng Ingles ay hinihikayat na dumalo nang maaga sa itinakdang araw para pumila at magsalita. Tulad ng lahat ng nagbigay ng Pamublikong Komento, sila ay bibigyan ng isang (1) minuto – para magbigay ng pahayag sa kanilang wika; pagkatapos nito ay may makakatulong sa pagsalin

wika ng kanilang testimonya sa Ingles. Kung kailangan mo ng interpretasyon sa ibang wika, mangyaring tumawag sa (415) 554-5184 at isumite ang iyong kahilingan nang maaga at hindi bababa sa 48 oras bago ang pagpupulong.